

Mga Pagbabanta na Nauugnay sa Imigrasyon

Sa California, **lahat** ng manggagawa ay protektado ng mga batas sa paggawa (labor laws) anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Illegal ito para sa isang employer na gumawa ng **mga masamang aksyon** laban sa isang manggagawa sa pamamagitan ng mga pagbabanta na may kaugnayan sa imigrasyon bilang paghihiganti sa isang manggagawang ginamit ang kanilang mga karapatan o sa pamamagitan ng **mga hindi makatarungang kasanayan na nauugnay sa imigrasyon**

Maaaring mahirap ang pag-aksyon, ngunit pinoprotektahan ka ng batas.



Protektahan ang Iyong Sarili sa pamamagitan ng Paggawa ng Mahahalagang Hakbang na Ito:

1. **Magtala:** Isulat kung ano ang nangyari sa isang timeline, kasama na kung sino ang kasangkot at naroroon, kailan at kung saan naganap ang pagbabanta.
2. **Mangalap ng Sumusuportang Ebidensya:** Mangolekta ng mga text message, voicemail, email, at tukuyin ang sinumang saksi; itala ang kanilang mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnay.
3. **Alamin at Sundin ang mga Patakaran ng Iyong Employer:** **Hangga't hindi nila nilabag ang iyong mga karapatan**, maaaring tanggalin ng isang employer ang isang empleyado sa maraming kadahilanan, ngunit hindi upang parusahan sila sa paggamit ng kanilang mga karapatan.
4. **Kumuha ng Karagdagang Impormasyon:** Maaaring makatulong sa iyo ang isang organisasyon ng manggagawa na maunawaan ang iyong mga karapatan at kung ano ang maaari mong susunod na gagawin.
5. **Humingi ng Tulong:** Isumbong ang pagbabanta sa imigrasyon sa Tanggapan ng Komisyoner sa Paggawa. Mahalaga na isumbong ang insidente sa lalong madaling panahon; kung hindi, maaaring hindi maipatupad ng Tanggapan ng Komisyoner sa Paggawa ang iyong mga karapatan kung maghihintay ka ng higit sa isang taon mula sa petsa na nangyari ang pagbabanta.

Makikipag-ugnayan ang Tanggapan ng Komisyoner sa Paggawa sa manggagawa kapag natanggap ang isang reklamo para mangalap ng karagdagang impormasyon bilang bahagi ng imbestigasyon.

Hindi Kami Magtatanong Tungkol sa Katayuan sa Imigrasyon at Lahat ng Personal na Impormasyon ay Pinananatiling Pribado.

Kabilang sa Mga Hindi Makatarungang Kasanayan na Nauugnay sa Imigrasyon ang:

- Ang pagtanggap na igalang ang mga dokumento ng pagkakakilanlan at trabaho na parang tunay.
- Maling paggamit ng E-Verify sa paraang hindi iniaatas ng batas.
- Nagbabantang tumawag/tawagan ang mga awtoridad sa imigrasyon para isumbong ka o ang iyong pamilya tungkol sa pinaghihinalaang katayuan sa imigrasyon.

Kabilang sa mga Masamang Aksyon ang:

- Pagtanggap sa iyo.
- Hindi ka binabayaran sa utang nila sa iyo.
- Banta na isumbong ka sa mga awtoridad sa imigrasyon.



Tanggapan ng Komisyoner sa Paggawa

Call Center ng LCO: 833-526-4636

Email: Retaliation@dir.ca.gov

Website: www.dir.ca.gov/dlse



State of California
**Department of
Industrial Relations**